TAKE FIVE TO SURVIVE

# Kumonekta

## Kumonekta gamit ang iyong telepono

**Alamin ang iba pang impormasyon tungkol sa kaugnay na mga flyer:**

- Mga Supply na Pang-emergency
- Pagiging Handa sa Kalamidad para sa mga Indibidwal at Pamilya
- Pagiging Handa sa Bahay

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang Take5toSurvive.com

**Kumonekta sa Twitter**

PublicAlerts: **@PublicAlerts**

Portland National Weather Service: **@NWSPortland**

Red Cross Cascades: **@RedCrossCasc**

Oregon Office of Emergency Management: **@OregonOEM**

Washington County: **@WashcoOregon**

Washington County Roads: **@WashcoRoads**

### Mga Application na Pang-emergency

Ang **Everbridge** ay mag-aalerto sa iyo tungkol sa mga emergency at kritikal na pangyayari sa komunidad sa Washington County habang nangyayari ang mga ito.

Ang **PulsePoint** ay nagbibigay sa mga indibidwal ng kakayahang magbigay ng nakakaligtas-buhay na tulong sa mga biktima ng atake sa puso.

Ang **Emergency American Red Cross** ay nagbibigay-daan sa iyong subaybayan ang mga kalagayan sa inyong lugar o sa mga lugar ng mga mahal sa buhay, para tingnan para masiguro kung ligtas ang mga mahal sa buhay at para ipaalam sa kanila na ligtas ka.

**Nextdoor** Gamitin ang Nextdoor para maabisuhan tungkol sa nangyayari sa inyong komunidad. Nagbabahagi ng mahalagang impormasyon ang Washington County at mga lungsod sa Nextdoor.

Ang **FEMA** ay naghahatid ng mga mabilis at maaasahang abiso tungkol sa masasamang lagay ng panahon hanggang sa limang lokasyon sa buong bansa. Kabilang dito ang impormasyon sa kaligtasan at mga tip sa pagiging handa.

### Mas gusto ang pag-text

Sa oras ng isang kalamidad, gumamit ng mga voice phone call kapag may emergency lang, tulad ng pagtawag sa 911 para sa tulong – mag-text para sa lahat ng iba pa. Kadalasan ay nakakalusot ang text kapag abala ang mga linya ng telepono. Kung hindi mo matawagan ang 911 dahil abala ang linya, subukang mag-text sa 911 (www.bit.ly/1sNGMRc).

### Mga Wireless Emergency Alert (WEA)

Nagagawa kang alertuhan ng iyong cell phone tungkol sa mapanganib na lagay ng panahon, nawawalang mga bata, at iba pang kritikal na sitwasyon gamit ang mga Wireless Emergency Alert. Siguruhing naka-enable ang feature na ito sa cell phone mo.

## Kumonekta sa impormasyon tungkol sa pagiging handa

Ang **Take5toSurvive.com** ang pinagkukunan natin ng impormasyon tungkol sa pagiging handa sa oras ng kalamidad sa Washington County. Makakakita ka ng mga flyer, limang minutong proyekto sa pagiging handa, at maraming makakatulong na impormasyon tungkol sa pagiging handa sa kalamidad.

Ang **Ready.gov** ay isang pambansang website tungkol sa pagiging handa sa oras ng emergency na maraming impormasyon tungkol sa pagiging handa para sa malalaking kalamidad. Makakakita ka ng impormasyon tungkol sa mga panganib, mga tool sa pagpaplano para sa emergency, at mga mapagkukunan para sa lahat.

Ang **RedCross.org** ay may malaking impormasyon tungkol sa pagiging handa sa malaking emergency, mga link sa mga lokal na kaganapan at mga klase sa mga kasanayan sa oras ng kalamidad, kakayahang magbigay ng donasyon para suportahan ang mga taong apektado ng kalamidad, at marami pang iba.

## Kumonekta sa real-time na impormasyon

### Impormasyon tungkol sa lagay ng panahon kahit saan

Ang **Mobile.weather.gov** ay inilalaan ng National Weather Service. Ang website na pang-mobile na ito ay may real-time na impormasyon tungkol sa lagay ng panahon (kabilang na ang mga pagsubaybay at babala sa masamang lagay ng panahon) at mga pagtataya sa lagay ng panahon sa lugar.

### Real-time na impormasyon sa bahay

Ang **NOAA Weather Radio** ay isang mapagkukunan ng real-time na mga alerto at babala tungkol sa masamang lagay ng panahon at iba pang mapanganib na mga kalagayan sa lugar. Ang mga radyo ay gumagamit ng teknolohiyang panlokasyon para tiyakin na mga babala lang tungkol sa inyong lugar ang matatanggap mo.

### Notification system sa komunidad

Ang **PublicAlerts.org** ay nagbibigay-daan sa iyo na mag-sign up para sa mga notification tungkol sa emergency para sa bahay, eskuwelahan, o pinagtatrabahuhan mo sa Washington County. Maaari mong piliing tumanggap ng mga alerto sa pamamagitan ng tawag sa telepono, text, o email.

## Kumonekta sa mga tao at sa iyong komunidad

Maraming paraan para kumonekta sa ibang tao na palaisip tungkol sa pagiging handa. Ang Washington County ay nagdaraos ng Citizen Corps at mga programang may kaugnayan dito na magagandang paraan para magboluntaryo at tumulong.

Ang misyon ng Citizen Corps ay para gamitin ang kakayahan ng bawat isa sa pamamagitan ng pagtuturo, pagsasanay, at boluntaryong paglilingkod para gawing mas ligtas, mas matatag, at mas handa ang mga komunidad sa pagtugon sa mga panganib ng terorismo, krimen, mga isyu sa kalusugan ng publiko, at lahat ng klase ng kalamidad. Kabilang sa mga programang naghahandog ng mga oportunidad na magboluntaryo at tumulong ang Amateur Radio Emergency Service, Community Emergency Response Team.

## Tumulong: Mga Programa sa Pagboboluntaryo sa Washington County

**Amateur Radio Emergency Service**
washcoares.org

**Community Emergency Response Team**
www.bit.ly/2QhwAN8

**Medical Reserve Corps**
www.bit.ly/2ZjHllr

**National Neighborhood Watch**
www.bit.ly/2Z4pLGO

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang Take5toSurvive.com